Joseph – Tagapamahala at Gobernador ng Egipto

(Genesis 41:46 – 45:28)

Si Joseph, ang panganay na anak nila Jacob (na kilala bilang Israel) at Rachel na pinagbili ng kanyang mga kapatid, ay nakarating sa Egipto at nakapagpaliwanag ng panaginip. Siya ang napili ng Faraon na maging gobernador. Bilang gobernador, pinamahalaan ni Joseph ang buong lupain ng Egipto.

Pitong taong nag-ani nang sagana sa buong lupain. Sa panahong iyon ay nagipon si Joseph ng pagkain upang paghandaan naman ang darating na taggutom sa bansa. Natapos ang pitong taon ng kasaganaan sa Egipto. Dumating ang taggutom ngunit sa buong Egipto ay may pagkain habang naubos na ang pagkain sa ibang bansa. Hindi nagtagal ay wala na rin makain ang mga mamamayan. Sa tuwing dumadaing sila kay Faraon, pinapupunta lamang niya ang mga ito kay Joseph. Maging ang mga tao sa ibang bayan ay pumupunta sa Egipto upang bumili ng pagkain.

Nabalitaan ni Jacob na maraming pagkain sa Egipto kaya't sinabihan niya ang kanyang mga anak na lalaki na pumunta doon upang bumili ng pagkain. Nagpunta sa Egipto ang mga kapatid ni Joseph ngunit hindi pinasama ni Jacob ang anak na si Benjamin sa takot na may mangyari sa kanyang masama.

Lahat ng tao na nais bumili ng ng pagkain ay lumalapit kay Joseph sapagkat bilang gobernador siya ang nagbebenta ng pagkain sa mga tao. Lumapit ang magkakapatid sa kanya at sila'y yumuko sa kanyang harapan. Nakilala agad ni Joseph ang kanyang mga kapatid ngunit hindi siya namukhaan ng mga ito. Mabagsik na kinausap ni Joseph ang mga kapatid at hindi ito nagpahalata sa kanila. Ipinaliwanag naman nila ang

tanging dahilan ng kanilang pagpunta at binanggit din ang patungkol sa kanilang pamilya.

Ipinakulong ni Joseph ang mga kapatid ngunit pinakawalan din matapos ang tatlong araw. Pinagbilhan niya sila ng pagkain ngunit mananatili ang isa sa kanila upang mabilanggo at sa susunod na kanilang pagbabalik ay kailangan isama nila ang kanilang bunsong kapatid. Sumang-ayon ang lahat at naiwan si Simeon.

Inutos ni Joseph na punuin ng trigo ang kanilang mga sako at ilagay ang salaping binayad nila. Binigyan pa sila ng makakain sa kanilang paglalakbay.

Nang sila ay makauwi na, sinabi nila kay Jacob ang lahat ng nangyari pati ang kundisyon ng gobernador. Hindi pumayag si Jacob na isama nila ang bunsong kapatid sa kanilang pagbabalik sa Egipto.

Lalong tumindi ang tag-gutom. Nang maubos na ng pamilya ni Jacob ang pagkaing binili, sinabihan niya ang mga anak na muling bumalik ng Egipto upang bumili ng kaunting pagkain. Pinaalala ni Juda sa ama ang binilin ng gobernador na dapat ay kasama nila ang bunsong kapatid sa araw ng kanilang pagbabalik doon.

Nakiusap ang mga anak ni Jacob sa kaniya na payagan nang isama nila si Benjamin upang makabili ng pagkain at mapalaya si Simeon. Pumayag na rin si Jacob. Binilin niya sa mga anak na magdala ng handog para sa gobernador.

Nagbalik sa Egipto ang magkakapatid kasama si Benjamin. Nang makita ni Joseph ang kanyang bunsong kapatid inutos niya sa kanyang alipin na isama sila sa kanyang bahay. Kasama ang binihag na kapatid, sila ay pinapasok sa bahay ni Joseph at pinakain.

Inutusan ni Joseph ang kanyang katiwala na punuin ng trigo ang kanilang mga sako at ilagay muli ang perang pinangbayad nila. Binilin din niya na ilagay ang kopang pilak niya sa lalagyan ng bunsong kapatid.

Kinabukasan pagkaalis nila habang hindi pa sila nakakalayo, inutusan ni Joseph ang kanyang katiwala na habulin sila. Nang maabutan, ininspeksyon ng katiwala ang sako ng bawat isa at nakita nila ang kopa sa sako ni Benjamin. Muling bumalik ang magkakapatid sa bahay ni Joseph.

Yumuko sila sa harap ni Joseph at nagmakaawa sa kanya. Hindi na mapigil ni Joseph ang kanyang damdamin, kaya pinaalis niya ang kanyang mga tagapaglingkod. Nang sila na lamang ang naroon, ipinagtapat na ni Joseph kung sino siya. Nagulat sila sa kanilang narinig.

Pinaliwanag niya sa kanila na ang lahat ng nangyari ay kalooban ng Diyos. Pinadala siya ng Diyos doon upang maraming buhay ang maligtas kabilang ang kanilang pamilya. Pinasundo ni Joseph ang kanilang ama upang dalhin nila siya sa Egipto.

Muling nagkasama-sama ang pamilya ni Joseph at pinagkalooban sila ng Faraon ng lupa sa Egipto upang doon manirahan.

Ang Diyos ay makapangyarihan. Siya ang may kapangyarihan at control sa lahat ng kanyang nilikha. Siya rin ang may control sa lahat ng nangyayari sa ating buhay, mabuti o masama man ito sa ating paningin. Pinapayagan Niyang mangyari ang mga bagay-bagay ng may layunin, gaya na lang ng nangyari kay Joseph. Ikaw, kinikilala mo ba na ang Diyos ang may kontrol sa lahat ng nangyayari sa iyong buhay?